



Ilinalathala ng Partido Komunista ng Pilipinas-Bagong Hukbong Bayan sa Rehiyong Bikol

REBOLUSYONARYONG
PANGMASANG
PAHAYAGAN
NG BIKOL

Taon XXXVII Blg.1
Enero 31, 2013

www.silyab.wordpress.com

Mapanalasang Oplan Bayanihan

Inaatake ng 2nd IB ang Kabuhayan ng mga Magsasaka sa Albay

Patuloy na naghahasik ng takot at nananalasa sa kabuhayan ng mga magsasakang Albayano ang mga tropa ng 2nd IB na nagsasagawa ng Oplan Bayanihan. Inaatake ng 2nd IB ang sibilyang populasyon sa interyor na mga barangay sa Albay sa gitna ng malawakang mga pagkilos ng mamamayan upang palayasin ang "Peace and Development" Teams (PDT) ng 2nd IB na ginagawang "baraks" ang mga daycare centers, eskwelahan at mga pampublikong pasilidad. Ilang taon na itong naghahasik ng karahasan at nagdudulot ng matinding istorbo sa pang-araw-araw na gawain sa produksyon ng mga magsasaka, na nagreresulta sa lalong pagtindi ng kagutuman at paghihikahos. Bago pa nito, dati na itong sinalanta ng Special Operations Team (SOT) sa ilalim ng Oplan Bantay Laya I at II.

Paglalako ng mapanlinlang na huwad na reporma sa lupa

Ipinagmamayabang ng tagapagsalita ng 2nd IB na "tagumpay" daw ng operasyong "Peace and Development" ang "pamamahagi" ng ilang parsela ng lupa sa balangkas ng huwad na programang Comprehensive Agrarian Reform Program Extension with Reforms (CARPER). Nagdudulot ng kaguluhan sa mga magsasaka ang panibagong pwersahang "pagsusukat" ng lupa ng mga tauhan ng Department of Agrarian Reform (DAR), kasapakat ng armadong tropa ng militar. Namimigay ng mga "papel" upang palabasing namamahagi sila ng lupa habang pinapaalis ang mga magsasakang matagal nang nagbubungkal sa mga dating asyenda sa Albay. Layunin nitong guluhin ang pagkakaisa ng mga magsasakang nagsusulong ng pakikibakang agraryo. Matinding pananabotahe sa kabuhayan ng mga magsasaka ang dulot ng matinding militarisasyon sa kanayunan.



sundan sa pahina 2

| | |
|---|-------|
| Mapanalasang Oplan Bayanihan: Inaatake ng 2nd IB ang Kabuhayan ng mga Magsasaka sa Albay | p. 1 |
| Editoryal: Teror at Panlilinlang ng Oplan Bayanihan ng 9th ID sa Bikol | p. 3 |
| Walang Kalaban-labang Pinaslang ng 2nd IB si Antonio Perelonia | p. 6 |
| Ulat Koresponsal: Masikhay na Pagsulong ng mga Rebolusyonaryong Gawain tungo sa Mas Maunlad na Sub-Yugto ng EsDep | p. 7 |
| Sagot sa mga Kasinungalingan at Panlilinlang ng 9th ID upang Pagtakpan ang Brutalidad ng OPB sa Bikol | p. 8 |
| Ang Gerilya | p. 10 |
| Mga Paglabag ng 9th ID-AFP sa Idineklarang Ceasefire ng AFP | p. 11 |
| Hindi Yunit ng BHB ang Nag-Ambus sa CAFGU sa Ligao City | p. 11 |
| Ang Aerial Target Drone BQM-74 | p. 13 |
| US Drone Bumagsak sa Masbate | p. 14 |

Facebook Page ng Silyab:
silyabbicol

Ang mga pahayag ng NDF-Bicol ay mababasa sa www.ndfbicol.wordpress.com at masusubaybayan ang pinakahuling updates ng NDF Bicol Information Office sa www.ndfbicol.blogspot.com

Mapanalasang Oplan Bayanihan

Maningning na kasaysayan ng pakikibakang agraryo ng mga magsasaka sa Albay

Mula pa noong dekada otsenta, sama-samang ipinaglaban ng mga magsasaka (tenante) ang kanilang karapatang magbungkal sa malalawak na dating mga asyenda sa mga barangay sa ikatlong distrito ng Albay.

Iniluwal ng pagkakaisa at sama-samang pagkilos ng mga magsasaka ang serye ng kampanyang masang nailunsad upang ibaba ang upa sa lupa, na hawak noon ng mga asendero/panginoong maylupa. Sinundan ito ng mga kampanyang masa sa pagpapaunlad ng produksyon upang maibsan ang kakulangan sa pagkain. Ang mga lugar na ito ay may maningning na karanasan sa pakikibakang agraryo, na ngayon ay sinasalanta ng mapanalasang Oplan Bayanihan ng 2nd IB.

Sa gitna ng panggigipit at pananakot ng militar, sinisikap ng mga magsasaka na ipagtanggol ang mga nakamit na tagumpay sa pakikibakang agraryo. Pinananatili nila ang pagpusisyon sa mga dati nilang *agi (rights)* at patuloy nilang nilalabanan ang mapanlinlang na CARPER ng DAR.

Batay sa kanilang karanasan, batid ng mga magsasakang hindi sa ilalim ng CARPER, at lalong hindi sa pamamagitan ng Oplan Bayanihan ng AFP, kundi sa patuloy na nagkakaisang pagkilos lamang ng mga magsasaka makakamit ang layuning magkaroon ng sapat na lupang mabubungkal. Sa harap ng pinatinding operasyong militar at kampanyang saywar sa ilalim ng Oplan Bayanihan, kailangang maging mapagmatyag ng mga magsasaka. Ibayong pagkakaisa at pagkilos ang nararapat na tugon upang matatag na harapin ang atake ng kaaway.

Sa pahayag ng tagapagsalita ng 2nd IB na si Major Narzan Obuyes, inaakusahan nitong "tagasuporta" ng BHB ang mga magsasaka (tenante) na nakaposisyon sa mga lupaing tinatarget nilang guluhin ng PDT at bulabugin ng mga sakyada. Sa malisyosong paratang na ito, tahasang inaamin ng 2nd IB na target ng kanilang kontra-insurhensyang kampanya ang sibilyang populasyon.



sundan sa pahina 3

EDITORIAL

Teror at Panlilinlang ng Oplan Bayanihan ng 9th ID sa Bikol

Sa harap ng kagutuman at matinding paghihikahos sa rehiyong Bikol, lalo pa itong sinasalanta ng pinatinding militarisasyon sa ilalim ng Oplan Bayanihan. Magkaalinsabay ang mapanalarang kampanyang pangkombat at ang mapanlinlang na kampanyang saywar.

Sa Albay, mahigit dalawang taon nang sinasalanta ng operasyong Peace and Development ang interyor na bahagi ng Guinobatan habang ang klaster ng mga barangay sa ikalawang distrito ay mistulang naka-block house sa nakatambak na tropa ng Philippine Army at CAFGU na nagbabantay sa ginagawang *international airport* at sa pangunahing mga proyekto sa *eco-tourism* at lupaing pansubdibisyon. Apektado ang mga

aktibidad sa produksyon ng mga magsasaka sa matagalang presensya ng mga militar sa kanilang komunidad.



Sa Labo, Camarines Norte, naiistorbo ang dating mapayapang pamumuhay ng mga taumbaryo sa 13 barangay na nilulunsaran ng mga operasyon ng PDT, kabilang dito ang Brgy Domagmang, Malaya, Malibago, Malatap, Anameam, Macogon, Bagong Silang II, Pag-asa, Maligaya, Calabasa, Excivan, Daguit, at Maot. Nitong Oktubre, nagpiket sa harap ng upisina ng lokal na gubyerno at nagkaraban ang libu-libong mamamayan na bumabatikos sa pinatinding militarisasyon at mga paglabag ng 49th IB sa karapatang-pantao.

sundan sa pahina 4

Mapanalarang Oplan Bayanihan

Nagkakandarapa ang mga tagapagsalita ng 2nd IB na pagtakpan ang kanilang mga krimen at pamemerwisyo sa mamamayan. Katawa-tawa ang paninira nilang ang BHB umano ang nangangamkam ng lupa. Ang kampanyang panlilinlang at paninira laban sa rebolusyonaryong kilusan ay desperadong hakbang ng AFP upang "makuha" ang loob ng mamamayan.

Sa kabila ng kanilang pagpapanggap na sila'y "tagapagtanggol ng karapatan" at pakitang-taong pagbibigay ng mga "serbisyo" para sa gasgas na islogan nila ng "kaunlaran at kapayapaan", lumilitaw ang likas na katangian nito - ang pangil ng

pandarahas at pagiging instrumento ng pang-aapi at panunupil ng estado.

Ang pagkamuhi ng mamamayan sa mga abusong militar ay nararapat na maitransporma sa matatag na paglaban ng mamamayan. Pagkaisahin ang malawak na hanay ng mamamayang lumalaban upang makamit ang hustisya para mga biktima ng paglabag sa karapatang pantao, maisulong ang rebolusyong agraryo, maipagtagumpay ang pambansa demokratikong rebolusyon at maisulong ang sosyalismo sa agrikultura at pambansang industriyalisasyon tungo sa pangmatagalang kasaganaan at kapayapaan.

S

Sa Camarines Sur, sinasalanta din ng mapanupil at mapanlinlang na operasyong "Peace and Development" ang 12 barangay sa bayan ng Bato, kabilang ang Brgy Payak, Pagatpatan, Sooc, Cotmon, Cristo Rey, Coguit, Mangga, Lubong, Salvacion, Cawacagan, Del Rosario, at Caricot. Nitong Enero, sa mga barangay na may presensya ng mga sundalo, sunud-sunod ang mga insidente ng panloloob ng holdap gang na binuo ng 42nd IB.

Sa Catanduanes, nananalasa ang operasyong Oplan Bayanihan sa ilang barangay sa mga bayan ng San Miguel, San Andres, at Virac.

Sa Sorsogon, okupado ng mga sundalo ng 31st IB ang mga barangay hall, na malalapit sa day care centers at eskwelahan sa bayan ng Bulusan at Barcelona simula pa noong Setyembre 2012.

Ginagamit ng mga militar bilang "baraks" ang mga day care centers, barangay hall, health centers at iba pang pampublikong pasilidad. Nalalagay sa panganib ang buhay ng mga sibilyan, lalo na tuwing nalalasing ang mga sundalo at walang-pakundangang nagpapaputok ng baril. Tahasang nilalabag ng mga tropa ng 9th ID ang probisyon para sa pangangalaga ng kaligtasan ng mga sibilyan, na nakasaad sa Internasyunal na Makataong Batas. Nagka-kampo ang mga sundalo sa gitna ng mga kabahayan at matataong lugar.

Matapos ang serye ng malawakang pagkilos ng mga Albayano na nanawagan na itigil ang militarisasyon at palayasin ang mga PDT sa Guinobatan, nagkaroon ng resolusyon ang Sangguniang Panlalawigan



ng Albay na lisanin ng mga sundalo ang mga pampublikong pasilidad, at naitulak ang mga tropa ng PDT na magtayo ng mga kubo na magsisilbing "baraks" subalit ginagamit pa rin ng mga sundalo ang pampublikong mga pasilidad. Hanggang sa kasalukuyan, naghahasik ng takot ang PDT na siyang may kagagawan sa pinakahuling brutal na mga pamamaslang sa Guinobatan.

Ang matagalang pamamalagi ng mga militar sa gitna ng mga kabahayan at sa matataong lugar ay may layuning "mapalapit" sa mga taumbaryo upang makapangalap ng mga datos sa paniktik, na siyang gagamitin para sa susunod na yugto ng kanilang operasyong pangkombat na dudurog umano sa BHB.

Panlilinlang at Saywar sa Sibilyang Populasyon

Tampok na katangian ng Oplan Bayanihan ang pinagarbong kampanyang saywar. Sabayang isinasagawa ang "soft at hard approach" upang linlangin at gipitin ang sibilyang populasyong inaakusahan nilang "taga-suporta" o "poste" ng BHB.

Target ng kanilang paghahasik ng maitim na propaganda laban sa rebolusyonaryong kilusan ang mga kabataan sa baryo. Sapilitang pinapatipon ang mga estudyante sa hayskul upang bigyan ng antikomunistang lektura at obligahing magbigay ng impormasyon tungkol sa yunit ng hukbo at sa kanilang mga organisasyong sinasalihan. Kinukuha ng mga militar ang mga numero sa selpon at pinapasahan ng load ang mga kabataan sa pagtatangka nitong ma-engganyo at malansi ang mga kabataan na

sundan sa pahina 5

makapagbigay ng impormasyon ukol sa kilusan. Iniimpluwensyahan din ng mga sundalo ang mga kabataan sa baryo na makipag-inuman at magsugal.

Pinapagarbo ng **SAGOT SA** 9th ID ang pag-**KAHIRAPAN,** aanunsyo ng kanilang mga pakitang-taong proyekto tulad ng paglilinis-linis at pagpintura sa barangay hall, paglulunsad ng mga sayawan, palaro ng basketbol, pagpapakain ng lugaw at pamimigay ng kendi sa mga bata.

Sa malalapit sa detatsment ng militar at sa mga lugar na nilulunsaran ng operasyong Peace and Development, maraming kababaihan ang biktima ng pang-aabuso. Bahagi ng kanilang planadong disenyo para sa pangmatagalang pagpwesto sa pinaghihinalaan nilang konsolidadong mga baryo ang kampanyang "panliligaw" at "pag-aasawa" ng mga sundalo sa itinuturing nilang "red area" upang makapagmantini ng kuneksyon sa malalaking pamilya sa interyor na mga baryo.

Pamamaslang at Pagtatakip sa mga Krimen ng sundalo

Upang pagtakpan ang madugong rekord ng mga paglabag ng mga tropa ng 9th ID sa Bikol, nagkakandarapa ang mga tagapagsalita ng mga Brigada at Division sa paglulubid ng mga kasinungalingan upang itanggi ang karumal-dumal na krimen ng mga pagpaslang at pagmasaker sa mga sibilyan. Sa ilalim ng OPB, umaabot na sa 37 ang biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa Bikol nitong Nobyembre.



Todong brutalidad ang hinahasik ng 2nd IB sa mga barangay na nilulunsaran ng operasyong "Peace and Development" sa Guinobatan, Albay. Paghahasik ng terror sa taumbaryo ang ginawang krimen ng 2nd IB sa biktimang si Ely Oguis, na isang Brgy Kagawad sa Brgy Cabaluaon, na tinapyasan ng tainga, pinugutan ng ulo, at ibinaon pa sa putikan. Bago pa nito,

SAYAWAN!

pinaslang din ng mga militar ang sibilyang si Dante Osma sa Brgy Sinungtan, Guinobatan. Sa Ligao City, pinagbabaril ng mga kasapi ng CAFGU sa Brgy Oma-Oma ang sibilyang si Sara Jane Yuson nitong Enero 2. Nakagawian na ng kanilang mga tagapagsalita na ibintang sa BHB ang mga krimen ng 2nd IB.

Sa Bulan, Sorsogon, tadtad ng mga tama ng bala sa katawan ang magsasakang si Cesar Habla na pinaslang ng tropa ng 8th Scout Ranger Company noong Hunyo 17, 2012. At si Jovic Estrellado ay pinaslang din ng death squad ng 9th ID sa Gubat, Sorsogon noong 2012.

Kalunus-lunos ang sinapit ng mga batang biktima sa sunud-sunod na pagmasaker ng mga sundalo sa pamilya Mancera sa Brgy Malaya, Labo, Camarines Norte; at sa pamilya Lotino sa Brgy Nabasan, Camalig, Albay; at nitong huli sa pamamaslang ng 49th IB kay Brgy Kapitan Merlyn Bermas ng Brgy Malaya kung saan kasabay na namatay ang isang apat na taong-gulang na bata.

Mahaba ang listahan ng mga kaso ng panggagahasang kinasasangkutan ng mga CAFGU at sundalo sa Albay, Masbate at Sorsogon. Karamihan sa mga biktima ay mga

sundan sa pahina 6

Walang Kalaban-labang Pinaslang ng 2nd IB si Antonio Perelonia

Mariing kinukundena ng NDF-Bicol ang iligal na pag aresto at pagpaslang ng 2nd IB kay Antonio Perelonia, 63 taong gulang sa Brgy Oma-oma, Ligao City noong Setyembre 27. Ayon sa Santos Binamera Command (SBC), walang naganap na labanan saanmang bahagi ng Albay nang araw na iyon.

Si Perelonia ay dating kasapi ng BHB. Siya ay may malubhang sakit at namamahinga sa kanyang tahanan nang salakayin at walang awang paslangin ng tropa ng 2nd IB. Ipinagyabang pa ng Commanding Officer ng 901st Brigade na si Ricardo Visaya, ang berdugong krimen ng kanilang tropa. Walang-kalaban-labang pinaslang ng mga sundalo ang maysakit na si Perelonia.

Noong hindi pa siya nagkakasakit si Perelonia ay nakilala sa BHB bilang Ka Eddie, siya ay nagmula sa uring magsasaka. Mula pa sa kanyang kabataan, siya ay naging mahusay na lider-masa na masigasig na nagtaguyod para sa pagkakamit ng

karapatan ng mga magsasaka para sa pagbubungkal ng lupa sa malalawak na asyenda sa ikatlong distrito ng Albay. Simula pa noong dekada otsenta, nakiisa siya sa libong magsasakang nagsulong ng malawakang kampanyang masa para sa pagkakamit ng mga layunin ng rebolusyong agraryo sa Albay.

Kasalukuyang may detatsment ang berdugong tropa ng 2nd IB sa Brgy Oma-Oma. Noong 2004, sinalakay ng mga yunit ng SBC ang nabanggit na kampo. Tugon ito ng BHB sa panawagan ng mga taumbaryo na mapalayas sa lugar ang naturang detatsment ng militar, na ilang taon nang naghahasik ng karahasan sa mamamayan ng Guinobatan, Albay at Ligao City.



S

EDITORIAL

menor-de-edad na kababaihan. Biktima din ng pagmasaker ng tropa ng 9th ID ang anim-katao sa Brgy Villadima, Libmanan, Camarines Sur noong Pebrero 4, 2011; at ang apat na magsasaka sa Brgy Sta Maria, Mobo, Masbate noong Setyembre 7, 2010.

Sa harap ng publiko at ng midya, nagkakandarapa ang mga tagapagsalita ng 9th ID para pabanguhin ang umaalingasaw nitong kabulukan at kabangisan. Nagpapanggap na “kampeon para sa karapatang-pantao” at tagapagtaguyod umano ng “kapayapaan at kaunlaran”

habang patuloy nitong pinagtatakan ang mga krimen ng kanilang tropa at ipinagtatangol ang mga abusadong sundalo. Sa kasalukuyang kontra-insurhensyang kampanya sa ilalim ng rehimeng Aquino, binibigyang-lisensya ang buong AFP-PNP-CAFGU na dahasin ang mamamayan.

Kinakailangan ang mas matatag na determinasyon sa paglaban upang makaalpas sa napakatinding kahirapan at karahasan sa ilalim ng kasalukuyang mapagsamantalang sistema.

S

Ulat Koresponsal

Masikhay na Pag-Abante ng mga Gawain Tungo sa Mas Maunlad na Sub-Yugto ng EsDep

(mula sa kasama sa Timog Bikol)

Buong galak at masiglang niyayakap ng libu-libong masang magsasaka ang panawagan ng Partido para sa pagkakamit ng mga rekisitos para sa Estratehikong Pagkapatas. Umaapaw na kasigasigan at pagpupursige sa gawain ang naging tugon ng ating organisadong pwersa sa Partido, sa hukbo at sa mga saligang organisasyong masa.

Sa nakaraang mga buwan, daan-daang aktibistang masa ang naimbitahan sa Partido, at buong lugod na pumaloob at sumumpa bilang kasapi ng Partido. Malawakang naabot ng ating kampanya sa pagrerekluta sa Partido ang bagong henerasyon ng mga aktibista at matatagal nang kasapi ng mga saligang organisasyong masa ng magsasaka at kababaihan, at mula sa abanteng hanay ng paggitnang pwersa sa kanayunan.

Dagdag na tulak ang kinailangan upang makaigpaw sa dating madalang na paglulunsad ng Batayang Kursong Pampartido (BKP), na isang mahalagang rekisito sa pagpapasumpa ng mga ganap na kasapi ng Partido. Ang pagtatayo ng lokal na makinarya sa instruksyon ang siyang nagtitiyak ngayon ng mas maraming batses ng BKP na nailulunsad buwan-buwan sa kada klaster ng mga baryo. Nakapagsanay ng mahuhusay na instruktur mula sa mga magsasaka sa lokalidad, na ngayo'y nagsisikap at nagpapakahusay sa pagtuturo. Napatunayan din sa praktika na mas madalas at mas madaling nailulunsad sa gitna ng mga kabahayan ang maliliit na batses ng pag-aaral (karaniwang 10 hanggang 12 ang mag-aaral sa isang bats). Nailulugar ito sa mga kusina, sala o kwarto ng mga bahay. Kinakayang mailunsad ang BKP sa pagsalig sa minimum na rekursong napapalitaw mula sa lokal na kontribusyon, at pleksible rin sa paglipat-lipat ng lugar (mobile school). Ang istagard na pagbibigay ng kurso ay nailulugar sa pagitan ng mga gawain sa produksyon, at sa ilang lugar sa tuwing hapon ay mas maagang tinatapos ang trabaho sa bukid upang magtipon para sa pag-aaral sa gabi.

Ang daan-daang bagong kasapi ng Partido ang higit na nagpasigla sa pag-abante ng gawaing pag-oorganisa at pagpapakilos ng mga samahang masa ng magsasaka, kababaihan at kabataan. Nakapaglunsad ng mga kumperensya ang mga bago at dati nang nakatayong Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM), Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA) at Kabataang Makabayan (KM). Ang naitayong mga bagong Ganap na Samahang Masa (GSM) ay masiglang nagplano kung paano paaandarin ang kanilang mga kooperatiba sa produksyon, na karamihan ay masiglang sumulong sa malawakang kampanyang bungkalan at pagtatanim ng mga gulay, kamote, at iba pang duma. Muli ring nagdaos ng pangkalahatang kumperensya ang dating nakatayong mga GSM, na may inabot nang sigla at paghupa ng pagkilos sa nakaraan. Naglagom ng karanasan at muling nagplano upang muling pasiglahin ang sama-samang pagkilos sa kanilang baryo.

Kaalinsabay nito ang pagpapalakas ng mga yunit milisya, na nagsisikap na abutin ang lakas-platun sa bawat baryo at mapaunlad ang koordinasyon at pagtutulungan sa kulumpon ng mga baryo. Kasabay ng malawakang pagpapalaki ng kasapian ng Partido sa mga lokalidad, nasa direksyon din ng pagsasaayos ng istruktura ng Partido sa antas sub-seksyon (SSK) na sasaklaw sa kulumpon ng mga baryong kinokonsolida at pinapalawakan.

Bagama't may magkakaibang antas ng pagsulong ang bawat lokalidad at may samu't saring nireresolba pang mga kahinaan, natitiyak nating umaabante ang pagtataas ng antas ng kooperasyon at tulongan upang kagyat na resolbahin ang kinakaharap na kakulangan sa pagkain, at mag-ambag para sa pang-ekonomyang paghahanda para sa pagtataas ng antas ng digma tungong Espat.

Nakakagalak na sa pagtatapos ng bawat gawaing konsolidasyon o kampanyang masa sa produksyon, umaapaw ang kasigasigan sa panibagong gawain upang higit pang sumulong para maabot ang mas mataas na yugto ng ating digma.



Sagot sa mga Kasinungalingan at Panlilinlang ng 9th ID upang Pagtakpan ang Brutalidad ng Oplan Bayanihan sa rehiyong Bikol

(Sagot sa Press Release ng 9th Infantry Division Philippine Army sa pamamagitan ni Major Angelo Guzman)

Isang malaking ilusyon ang ipinangangalandakang tagumpay ng “Internal Peace and Security Plan IPSP-Bayanihan” ng 9th ID Philippine Army sa rehiyong Bikol. Nilubid na mga kasinungalingan at pekeng mga tagumpay ang inilalahad ng 9th ID.

Hindi nakapagtataka at hindi nakagugulat kung maglubid ng kasinungalingan ang 9th ID gamit ang pekeng mga tagumpay upang palitawing nagtatagumpay ang Oplan Bayanihan (OPB) laban sa rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan. Likas na bahagi ng (OPB) ang paggamit ng engrandeng panlilinlang at saywar laban sa mamamayan upang pagtakpan ang paggamit ng brutalidad at terorismo ng estado laban sa mga tumututol at lumalaban sa bulok na naghaharing sistema sa bansa.

Sa kabila ng bukambibig nitong pagbabago ng diin mula sa “pagtatagumpay ng gera” tungo sa umano’y “pagtatagumpay ng kapayapaan”, malinaw sa pahayag ng 9th ID na pangunahing nakasandig pa rin ang estratehiya nito sa paggamit ng malupit at brutal na mga operasyong militar. Ginagamit pa rin nitong pamantayan ng umano’y tagumpay ng (OPB) ang bilang ng mga napatay at nadakip na mga kadre at kasapi ng rebolusyonaryong kilusan at mga ordinaryong mamamayan na pinagsususpetsahang may kaugnayan sa PKP-BHB-NDFP.

Panlilinlang sa mamamayan ang boladas nitong pagtataguyod umano sa “karapatang pantao”, “kapayapaan at kaunlaran”, at “re-edukasyon” umano ng mga tropa nito. Sa katunayan, pilit na pinagtatakpan at binubura ng 9th ID ang napakahabang rekord ng karumal-dumal na krimen nito sa mamamayan tulad ng pagdukot at pagtortyur, ekstrahudisyal na pamamaslang, pagmasaker, paglabag sa karapatan ng mga bata at panggagahasa sa kababaihan, paghahasik ng takot at militarisasyon sa kanayunan at kalunsuran ng mga operasyong “peace and development”, pagkakasangkot sa mga nakawan at panghoholdap, at iba pang paglabag sa karapatang pantao. Umabot na sa 37 ang biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang ng 9th ID sa rehiyong Bikol sa panahon ng panunungkulan ng gubyernong Aquino mula Hunyo 2010 hanggang Setyembre 2012 (128 biktima noong panahon ng rehimeng Arroyo).



Hindi nasasagkaan ng brutalidad at panlilinlang ng Oplan Bayanihan ng rehimeng US-Aquino ang nag-iibayong pagsulong at paglakas ng rebolusyonaryong armadong paglaban ng mamamayan sa rehiyon. Laging nanghuhula (at laging pumapaltos) ang 9th ID at PNP sa tunay na lakas at hawak na armas ng BHB sa rehiyon. Hindi nito maunawaan na dahil sa lawak at lalim ng baseng masa ng BHB ay may kakayahan itong magrekrut at magparami ng mga pulang mandirigma ng higit ilang daang beses sa bilang ng napapatay o nadadakip na mandirigma sa labanan.

sundan sa pahina 9

Sagot sa mga Kasinungalingan at Panlilinlang ng 9th ID

Araw-araw ay nadadagdagan ang rebolusyonaryong lakas ng mamamayan sa bawat sulok ng rehiyon bunga ng paghahangad ng mamamayan na makaalpas sa napakalubhang krisis sosyo-ekonomiko, at resulta ng ibayong pag-aasikaso ng mga gawain sa pagmumulat, pagpapakilos, pag-oorganisa, pagtugon sa mga kahilingan ng mamamayan laluna sa lupa at iba pang kagalingan, paglulunsad ng rebolusyong agraryo at pagpapaigting ng armadong pakikibaka.



Ginagabayan ang kanilang pagkilos ng binalangkas na programa ng pambansa at panrehiyong pamunuan ng rebolusyonaryong kilusan na naglalaman ng mga plano at tungkulin para makamit ang 5-taong programa pasulong sa mas mataas na sub-yugto ng estratehikong dependisiba at pag-igpaw tungong pagkapatas ng digmang bayan.

Sa katunayan nagresulta ito sa makabuluhang paglaki ng kasapian ng iba't ibang alyadong organisasyong ng NDFP tulad ng PKP, PKM, KM, MAKIBAKA at marami pang iba; paglawak ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa; at pagtatayo ng dagdag na mga organo ng kapangyarihang pampolitika sa maraming baryo at bayan.

Masiglang-masigla ang pagpapapaultaym sa BHB ng mga kabataan sa kanayunan at kalunsuran at mula sa ibang sektor tulad ng kababaihan. Lumalaki at nabubuo ang dagdag na mga yunit ng milisyang bayan at mga yunit-pananggol sa mga baryo.

Tuluy-tuloy na pinatatatag ang mga lakas-kumpanyang prenteng gerilya na nakapuwesto sa mga estratehikong tereyn

ng rehiyon upang magluwal ng dagdag na lakas para sa pagbubuo ng bagong mga prenteng gerilya. Pinalalaki at pinalalakas ang mga panlaban na yunit gerilya na nasasandatahan ng malalakas na armas habang pinararami din ang mga platung gerilya na nakatalaga para sa gawaing masa sa iba't ibang probinsya.

Higit na mas malaking pinsala ang natamo ng berdugong AFP-PNP-CAFGU mula sa matutunog na mga taktikal na opensiba ng BHB sa buong rehiyon. Mula Enero hanggang Oktubre 10 ng kasalukuyang taon ay di-bababa sa 50 opensiba at mga hakbang pamarusa ang nailunsad ng BHB. Nagkaroon din ng higit sa 10 engkwentro na nagdulot ng dagdag na pinsala sa AFP-PNP-CAFGU.

Pinakamatunog sa mga opensibang ito ang pag-atake ng BHB sa berdugong tropa ng 49th IB na nagsasagawa ng Oplan Bayanihan sa Brgy Maot, Labo, Camarines Norte nitong Abril 29. Nasamsam ng mga pulang mandirigma sa opensibang ito ang pitong malalakas na armas na kinabibilangan ng isang masinggan na K3 Squad Automatic Weapon, anim na ripleng M-16, isang kalibre .45 pistola at iba pang kagamitang militar. Namatay ang apat na sundalo habang sugatan ang isa pa.

Upang makabawi sa maraming pagkatalo at kahihiyan, nag-iimbento ng pantastikong kwento ang 9th ID tulad ng umano'y pagkubkob ng 31st IB sa "pinakamalaking kampo" ng BHB sa Sityo Kapirokuhan, Brgy San Isidro, Bulusan nitong Setyembre 6. Ang ipinagyayabang na "pinakamalaking kampo ng BHB" ay walang iba kundi ang ilang kubo

sundan sa pahina 10

Ang Gerilya

Halaw mula Isyu II, Agosto 2012

Inilabas ng Panrehiyong Kumand sa Operasyon ng BHB sa Bicol ang ikalawang isyu ng lathalaing *Ang Gerilya*, na nagtatalakay sa mahalagang papel ng Yunit Milisya sa pagsulong sa mas mataas na sub-yugto ng estratehikong depensiba tungo sa susunod na yugto ng estratehikong pagkapatas.

Ang Yunit Milisya ang nasasandatahang organisadong bahagi ng masang magsasaka. Sa pagtatayo ng mga Yunit Milisya (YM), na karaniwang

kilala bilang Milisyang Bayan (MB) at mga Yunit Pananggal-ng-Baryo (YPB), napag-iibayo pa ang mobilisasyong masa para sa digma, at naihahanda natin ang ating baseng masa sa prinsipyo ng malawakang pag-aarmas ng mamamayan.

Ang mga kopya ng lathalaing *Ang Gerilya* ay ipinapamahagi ng mga platon ng BHB at ng mga lokal na Sangay ng Partido. Maaari din itong ma-download sa internet (www.silyab.wordpress.com).



S

Sagot sa mga Kasinungalingan at Panlilinlang ng 9th ID

na ginamit ng isang iskwad ng mga pulang mandirigma na naengkwentro ng isang platon ng 31st IB at nagresulta sa pagkamatay ng dalawang sundalo at pagkakasugat ng apat na iba pa. Walang pinsala sa panig ng BHB.

Ilusyon lamang ng kasalukuyang kumander ng 9th ID na si Maj Gen Romeo Calizo ang paglikha umano ng isang rehiyong “insurgency-free”. Nananaginip ito ng gising sa pag-aakalang madudurog ang lehitimo at makatarungang paglaban ng mamamayan sa pamamagitan ng brutalidad at panlilinlang ng OPB, bagay na hindi nagawa ng 15-taong batas militar ng diktadurang US-Marcos at sumunod na mga papet na rehimeng nagpatupad ng iba’t ibang kontra-rebolusyonaryong programa hanggang sa Oplan Bantay Laya ng rehimeng Arroyo.

Kumukulo ang kalooban ng mamamayan dahil sa napakatinding krisis sa kabuhayan na higit pang pinatitindi ng pagsasamantala at pang-aapi sa kanila. Walang ibang paraan para makahulagpos ang mamamayan sa tanikala ng pagkabusabos, kahirapan at pang-aapi kundi ang pagpupursige sa landas ng matagalang digmang bayan na ngayon ay bumibilis ang kumpas sa buong bansa.

Sa loob ng limang taon hanggang 2016 at lumampas pa, dadagundong sa rehiyong Bicol at sa buong bansa ang mas malalaking tagumpay ng armadong paglaban ng mamamayan kakumbina ng di-armadong pagkilos ng mamamayan sa kanayunan at kalunsuran. Magiging puhunan ito para sa mas malalaki pang tagumpay ng digmang bayan sa hinaharap hanggang maipagwagi ang matagal ng minimithi ng sambayanang Pilipino - ang tunay na pambansang kalayaan, demokrasya, kasaganaan at kapayapaan.

Gregorio “Ka Greg” Bañares
Tagapagsalita ng NDF-Bicol

(Bisitahin ang NDFP-Bicol Information Bulletin sa www.ndfpbicol.blogspot.com)

S

Mga Paglabag ng 9th ID-AFP sa Idineklarang Ceasefire ng GRP

Batay sa ulat ng mga kumand ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Bikol, mula ng ideklara ang tigil-putukan ng Gubyernong Aquino noong Disyembre 16, 2012, walang-puknat at patraydor na inaatake ng mga tropa ng AFP ang mga rebolusyonaryong pwersa ng BHB at mamamayan.

Sa panahong saklaw ng huwad na tigil-putukan ng Gubyernong Aquino (mula Disyembre 16, 2012 hanggang Enero 2, 2013), nagpatuloy ang mga operasyong pagtugis ng mga sundalo at PNP sa mga rebolusyonaryong pwersa ng BHB sa mga saklaw ng sonang gerilya. Walang puknat din ang mga operasyong saywar at "peace and development" o PDT (bagong tawag sa malupit na special operations team o SOT) sa mga komunidad na pinaghihinalaang base ng rebolusyonaryong kilusan.

Narito ang panimulang ulat ng mga paglabag ng 9th Infantry Division (9th ID) ng Philippine Army at ng Philippine National Police (PNP) sa Bikol:



1. Ilang oras bago ang simula ng dineklarang tigil-putukan ng Gubyernong Aquino noong Disyembre 16, 2012 palihim na pumasok ang isang platoon ng 31st Infantry Battalion sa Brgy Hamorawon, Bulan, Sorsogon at tuluy-tuloy na sinugsog ang masukal na kabundukan hanggang sa hangganan ng bayan ng Bulan at Irosin, Sorsogon. Tumagal ng ilang araw ang operasyon bago tuluyang umalis at bumalik sa kanilang kampo.
2. Nagsagawa ng operasyong kombat ang mga elemento ng Regional Public Safety Battalion ng PNP (dating Regional Mobile Group o RMG) sa Brgy Macahoy, San Pascual, Masbate noong Disyembre 24 at 25. Pagkalipas ng ilang araw, inatake ng mga pwersang ito ang isang bahay na pinaghinalaan nilang tinuluyan ng mga pulang mandirigma sa Brgy Mabini, San Pascual, Masbate noong Disyembre 28 at 29.

sundan sa pahina 12

Hindi yunit ng BHB ang Nag-ambus sa isang kasapi ng CAFGU sa Ligao City

Isang malaking kasinungalingan at paninira sa Bagong Hukbong Bayan ang walang batayang akusasyon ng 2nd Infantry Battalion ng Philippine Army na nilabag ng BHB ang tigil-putukan nang ambusin umano nito ang isang kasapi ng CAFGU at ang asawa nito sa sityo Abulan, Brgy Oma-oma, Ligao City nitong Enero 2 ng gabi.

Ayon sa Santos Binamera Command ng BHB-Albay, hindi yunit ng BHB ang may

kagagawan ng ambus. Ang lahat ng yunit ng SBC ay mahigpit na tumatalima sa idineklarang pansamantalang tigil-putukan ng PKP. Napakalaki ng posibilidad na mga tropa ng militar ang may kagagawan nito, dahil napakalapit ng detachment ng 2nd IB, na halos isang kilometro lamang ang layo nito sa pinangyarihan ng ambus.

S

Mga Paglabag ng 9th ID sa Ceasefire

3. Dalawang magsasaka naman ang dinukot ng mga elemento ng PNP-Milagros at mga sundalo ng 9th Infantry Battalion sa Masbate City noong Disyembre 23. Patuloy na itinatangi ng 9th IB at PNP na nasa kanila ang mga magsasakang sina Olalio Gonzaga, 22 taong gulang at residente ng Brgy Bolo, Masbate City at si Noel Espinosa, 37 taong gulang at isang tanod ng Brgy Miabas, Palanas, Masbate.
4. Noong Enero 2 ng umaga, pumakat ang mga elemento ng 2nd IB sa Brgy Sta. Cruz, Donsol, Sorsogon upang maglunsad ng operasyong kombatan sa loob ng sonang gerilya.
5. Hindi rin iniatras ng Gubernong Aquino ang mga iskwad ng militar na nagsasagawa ng umano'y "peace and development activities" ngunit sa katunaya'y umaatake sa mga komunidad ng magsasaka at naghahasik ng takot at karahasan sa mamamayan kahit may dineklarang tigil-putukan.

k. Sa Camarines Norte, 13 barangay sa bayan ng Labo (Brgy Domagmang, Malaya, Malibago, Malatap, Anameam, Macogon, Bagong Silang II, Pag-asa, Maligaya, Calabasa, Excivan, Daguit, at Maot).

d. Ilang mga barangay sa bayan ng San Miguel, San Andres, at Virac sa prubinsya ng Catanduanes.

Ayon sa pahayag ng NDF-Bicol, mistulang walang dineklarang tigil-putukan ang Gubernong Aquino dahil sa lansakang paglabag dito ng berdugong 9th ID at ng PNP sa rehiyong Bicol.

Sa kabilang banda, mahigpit na sinusunod ng mga rebolusyonaryong pwersa ng BHB at milisyang bayan ang dineklarang pansamantalang tigil-putukan ng Partido Komunista ng Pilipinas mula Disyembre 20, 2012 hanggang Enero 15, 2013 upang lumikha ng paborableng sitwasyon para sa pagtutuloy ng negosasyong pangkapayapaan.

Malinaw na huwad at sa papel lamang ang dineklarang tigil-putukan ng Gubernong Aquino. Pananatilihin ng mga

rebolusyonaryong pwersa ang mataas na antas ng pagmamatyag, pag-alerto, at kahandaang magdependa upang biguin ang patraydor na pagatake ng mga pasistang tropa ng AFP at PNP sa buong panahong

saklaw nang pinairal na pansamantalang tigil-putukan hanggang Enero 15, 2013, pahayag ni Ka Greg Bañares, ang tagapagsalita ng NDF-Bicol.

Kabilang sa mga baryong mantinido ang presensya ng mga iskwad ng militar at nagpapanggap na umano'y "peace and development team" (PDT) ay ang mga sumusunod:

- a. Sa Albay, limang barangay sa bayan ng Guinobatan (Brgy Ongco, Cabaluaon, Batbat, Bololo, at Sinungtan).
- b. Sa Camarines Sur, 12 barangay sa bayan ng Bato (Brgy Payak, Pagatpatan, Sooc, Cotmon, Cristo Rey, Coguit, Mangga, Lubong, Salvacion, Cawacagan, Del Rosario, at Caricot).



Ang Aerial Target Drone BQM-74

Ang bumagsak na BQM-74 Chukar ay Unmanned aerial vehicle na gawa ng Northrop Grumman Corporation, isa sa malalaking gumagawa ng mga eroplano at armas-pandigma para sa pwersang militar ng US.

Ayon sa Wikipedia, ito ay remote-controlled, at isang sub-sonic aerial target. (armado at may kakayahang mambomba ng target). Ito ay pinapalipad sa kalawakan mula sa isang strike aircraft (kagaya F-16, TA-4J, Grumman Gulfstream I or DC-130).

Ang BQM-74 ay pangunahing ginagamit ng US Navy at ng NATO forces para sa mga gunnery at missile training exercises, bilang

makatotohanang aerial target, at ito'y may kapasidad na puksain ang kalaban.

Sa Gulf War noong 1991, ang BQM-74 ay ginamit sa labanan (kombat), bilang pang-decoy sa inisyal na air attacks sa Iraq, na isinagawa ng USAF Big Safari group, na may codename "Project Scathe Mean" Ito ay pinapalipad mula sa mga eroplanong pang-strike katulad ng F-15s or F-16s. Ang bawat BQM-74C na ginamit sa Iraq ay nakasukat sa isang pares ng "passive radar enhancement devices" upang makaroon ito ng tatak (signature) na katulad ng isang "strike fighter".

S

US Drone, Bumagsak sa Masbate

(basahin mula sa pahina14...)

Tahasang pinahihintulutan ng papet na rehimeng Aquino ang mga tropang US na direktang lumahok sa operasyong kombat ng AFP sa pamamagitan ng paniniktik at paggamit ng mga high-tech na kagamitang militar laban sa mga rebolusyonaryong pwera sa Bagong Hukbong Bayan.

Nalalagay sa malaking panganib ang buhay ng maraming sibilyan sa paggamit ng mga drone ng US hindi lang sa paniniktik kundi sa tuwirang paggamit dito para sa pambobomba. Maraming sibilyan, kabilang ang mga bata, kababaihan at matatanda, ang naging biktima ng pambobomba ng drone ng US sa Afghanistan, Pakistan at iba pang bahagi ng daigdig.

"Dapat papanagutin ang papet na rehimeng Aquino sa sukdulang pagpapakatuta sa imperyalismong US, pakikialam ng US sa internal conflict at pagpapahintulot dito na walang-

pakundangang lapastanganin ang pambansang soberanya ng bansa," pahayag ni Ka Greg Bañares, ang tagapagsalita ng NDF Bicol.



Hinahayaan din nitong magpatrulya sa karagatan ng Pilipinas ang mga barkong pandigma ng US na may dala-dalang armas nukleyar at ang paggamit

ng mga daungan at pantalan sa iba't ibang bahagi ng bansa. Nitong Enero lamang ay dumuong sa Subic Bay ang barkong pandigma ng US na USS Bremerton (USS-698) na naiulat na may dala-dalang mga armas nukleyar. Noong nakaraang taon ay 80 beses na dumuong sa mga pantalan ng bansa ang mga barkong pandigma ng US.

Ayon pa sa NDF-Bicol, dapat tuluy-tuloy na ilantad at labanan ng mamamayang Pilipino ang pinatitinding armadong interbensyon ng imperyalismong US sa bansa. Dapat paghandaan ang direktang agresyon ng imperyalismong US sa susunod na mga taon.

S

US Drone, Bumagsak sa Karagatan ng Masbate: Tahasang Paglabag ng US sa Soberanya ng Bansa

Isang drone o unmanned aerial vehicle (UAV) na ginagamit ng tropang US at Armed Forces of the Philippines ang bumagsak sa sityo Tacdugan, Brgy. Bagahanglad, San Jacinto sa isla ng Ticao, Masbate nitong Enero 6. Bandang alas-9:00 ng gabi, nang masaksihan ng mga mangingisda ang pagbagsak nito sa karagatan ng Ticao.

Kinabukasan, tinangka pa ng PNP Masbate at ng 9th IB

na ilihim sa media ang pagbagsak sa isla ng isang Aerial Target Drone BQM-74E Chuckar III, na isang surveillance UAV ng US. Katawa-tawa ang pilit na pagtatakip dito ng tagapagsalita ng 9th IB, na nagpahayag na isang vintage na eroplano umano ang bumagsak sa Masbate.

Nailantad sa publiko ang nabanggit na pangyayari sa inilabas na pahayag sa media ng NDF Bicol nitong umaga ng Enero 7, na nagkukundena sa tahasang paglapastangan ng US sa airspace ng bansa.

Ang BQM-74 ay isang surveillance device na karaniwang ginagamit para sa reconnaissance missions or surveillance operations ng US military, at ito ay may kapasidad na magbagsak ng amunisyon at bomba.

Kinagabihan ng Enero 7, kaagad na itinanggi ng US embassy na armado o ginagamit sa pag-eespiya ang US Navy drone.

Makalipas ang dalawang araw, ipinahayag ng US embassy na ang nabanggit na UAV ay isang target drone na ginamit ng US Navy sa military exercises sa Guam noong Setyembre 19, 2012. Kahit walang malalim na imbestigasyon, awtomatikong

sinusugan ito ng mga tagapagsalita ng AFP at DND upang pagtakpan sa publiko ang bagay na ito. Bagay na binatikos ng maraming makabayan, kabilang ang ilang progresibong mambabatas at ilang senador na nanawagan para imbestigahan ang paglabag ng US sa teritoryal na integridad ng bansa.



Anu't anupaman ang naging sirkums-tansya sa likod ng bumagsak na US military drone na

bumagsak sa Masbate, hindi maitatangi na ang US ay malaon nang nagpapalipad hindi lamang ng mga surveillance drones, kundi ng military jetfighters sa saklaw ng teritoryal air space ng Pilipinas. Sa nakaraan, ginagawang tabing ang mga joint military operations nito upang magpalipad ng mga UAV at isagawa ang surveillance operations sa Pilipinas.

Maaalalang noong 2009, naiulat ang pagbagsak ng isang drone ng US sa bayan ng Pio V. Corpuz sa prubinsya ng Masbate sa panahon ng US-RP Balikatan Exercises sa rehiyong Bicol. At maging sa inilunsad na Civil-Military Operations (CMO) ng US-Pacific Angel sa Albay noong Pebrero, ay may kaalinsabay na operasyong paniktik.

Noong February 2, 2012, naiulat ng Associated Press, na imbuelto ang US military sa isang operasyong military ng AFP na naghulog ng tinatawag na "smart bombs" sa Parang, Jolo upang magtarget umano ng mga "teroristang lider".

Inihayag mismo ng papet na pangulong si Benigno Aquino III na maaaring lumipad ang mga drone ng US sa teritoryo ng Pilipinas anumang oras na gustuhin nila.

sundan sa pahina 13